# Tagumpay at Paghalili

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang isang aral na natutunan mo sa iyong magulang o tagapag-turo? Paano niya ito itinuro sa iyo?
- Ano ang nakikita mo sa hinaharap? Ibahagi ang isang bagay na umaasa kang mangyayari sa darating na tatlo hanggang limang taon.
- Ano ang nagiging tugon mo sa sakripisyo o paghihirap? Balikan ang isang pagkakataon na nagpapakita nito.

**WORD**

*[16]Pagkatapos, sinabi ni Isaias kay Hezekia, "Pakinggan mo ang mensahe ng Panginoon: [17]Darating ang panahon na dadalhin sa Babilonia ang lahat ng kayamanan sa palasyo mo, pati ang lahat ng naipon ng mga ninuno mo na nariyan pa hanggang ngayon. Walang matitira, sabi ng Panginoon. [18]At ang iba sa mga susunod na lahi mo ay bibihagin at magiging alipin sa palasyo ng hari ng Babilonia." [19]Ang akala ni Hezekia ay hindi pa mangyayari iyon, kundi magiging mapayapa at walang panganib sa kapanahunan niya. Kaya sinabi niya kay Isaias, "Maganda ang mensaheng iyon ng Panginoon na sinabi mo sa akin."* **2 HARI 20:16-19**

(Basahin din ang **2 HARI 20:12-21.**)

---

Si Hezekia, na isa sa mga hari ng Juda bago maipatapon sa ibang lupain ang mga mamamayan ng Diyos, ay naghangad na magbigay kasiyahan sa Diyos sa pamamagitan ng kaniyang buhay. Subalit, nakita ni Hezekia ang katagumpayan bilang isang bagay na nakasalalay lamang sa kanyang henerasyon. Wala siyang naging plano para sa mga susunod na henerasyon. Upang tayo ay magkaroon ng tunay na katagumpayan, kailangan natin ng magandang plano na naglalayong palakasin ang mga susunod na henerasyon ng mga pinuno. Sa araling ito, ating titignan ang tatlong bagay na kailangan ng isang pinuno upang maihandang mamuno ang susunod na henerasyon.

## 1 Pagpapakumbaba

*Nagtanong pa ang propeta, "Ano ang nakita nila sa palasyo mo? Sumagot si Hezekia, "Nakita nila ang lahat ng bagay sa palasyo ko. Wala kahit isa sa mga kayamanan ko ang hindi ko ipinakita sa kanila."*
**2 HARI 20:15**

Ipinagmalaki ni Hezekia ang kayamanan ng kanyang kaharian, at ginamit niya ang pagkakataon na ipakita ang lahat ng mayroon sila sa mga ipinadala ng Babilonia. Subalit ang lahat ng mayroon tayo ay hindi dahil sa atin, at hindi ito para sa atin lamang. Kung nais natin na magkaroon ng iba't-ibang henerasyon na pananaw ng pag-iisip, kailangan nating alamin ang ating tamang kinalalagyan at bigyang halaga ang mga henerasyon na hahalili o susunod sa atin. Paano mo natutunan na mag-isip ng lagpas sa iyong sariling buhay?

..............................

..............................

..............................

## 2 Pagsasakripisyo

[17] *"Darating ang panahon na dadalhin sa Babilonia ang lahat ng kayamanan sa palasyo mo, pati ang lahat nga naipon ng mga ninuno mo na nariyan pa hanggan ngayon. Walang matitira, sabi ng Panginoon.* [18] *At ang iba sa mga susunod na lahi mo ay bibihagin at magiging alipin sa palasyo ng hari ng Babilonia."* **2 HARI 20:17,18**

Dahil sa pagmamalaki ni Hezekia, ang mga henerasyon na susunod sa kanya ay makararanas ng paghihirap at trahedya. Kung ihahanda natin ang susunod na henerasyon sa pamumuno, kailangan nating piliin ang pagsasakripisyo laban sa pagiging maramot at makasarili. Sa iyong palagay, bakit walang paki-alam si Hezekia sa magiging epekto sa susunod na henerasyon ng kanyang mga kilos?

## 3 Pangitain

*Ang akala ni Hezekia ay hindi pa mangyayari iyon, kundi magiging mapayapa at walang panganib sa kapanahunan niya. Kaya sinabi niya kay Isaias, "Maganda ang mensaheng iyon ng Panginoon na sinabi mo sa akin."* **2 HARI 20:19**

Mas pinahalagahan ni Hezekia ang kapayapaan at kasiguruhan sa kanyang panahon. Subalit ano ang naging epekto nito sa mga araw matapos ang kanyang kamatayan? Bilang mga tagasunod ni Cristo at bilang mga pinuno, hindi tayo namumuno para lamang sa ating kapanahunan. Sa ating pamumuno, inihahanda nating ipasa ang ebanghelyo sa susunod na henerasyon at pinalalakas natin sila. Gusto natin silang magtagumpay at gusto nating mahigitan pa nila ang ating henerasyon. Ano ang iyong pangitain sa hinaharap? Paano makatutulong ang susunod na henerasyon sa pagsasakatuparan nito?

## APPLICATION

- Paano mo nakikita ang susunod na henerasyon? Paano dapat baguhin ang iyong pananaw upang maiayon ito sa pag-ibig ng Diyos sa iba't-ibang henerasyon?
- Sa paanong paraan mo maipapakita ang pagpapakumbaba at sakripisyo ngayong linggo?
- Maglaan ng oras para sa isang pinuno ng susunod na henerasyon ngayong linggo? Ano ang maaari mong gawin upang palakasin ang kanyang loob?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang kapangyarihan sa iyong buhay. Ipanalangin na matupad mo ang Kanyang mga plano para sa iyo at magawa mong mamuhay sa kabutihan.
- Ipanalangin na mapahalagahan mo at matulungang ihanda ang susunod na henerasyon upang mamuno. Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung paano mo matutulungan ang susunod na henerasyon.
- Magsabi ng mga pagpapala para sa mga susunod na henerasyon. Ihayag na makikilala nila ang Diyos at susunod sila sa Kanya, at buong tapang nila Siyang ipapahayag sa iba.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph